The
EDWARD E AYER COLLECTION
of
THE NEWBERRY LIBRARY

Cataloged and conserved in honor of
SISTER ANN IDA GANNON, BVM
Trustee of the Newberry Library
Made possible by the generous support of Dennis J. Keller, Roger S. Baskes, Barry L. MacLean, Frederick A. Krehbiel, Robert C. McCormack, and Robert E. King



EX BIBLIOTHECA LUDOVICI LUCIANI BONAPARTE
40

LIBRO DE LAS QVATRO POSTRIMERIAS DEL HOMBRE.

EN LENGVA TAGALA, YLETRA Española.

COMPVESTO POR EL PADRE Fray Francisco de San Ioseph Predicador general en la Provincia del Sanctissimo Rosario de las Islas Philipinas, de la Orden de Sancto Domingo.



Con lizencia en Manila en el Collegio, y Vniversidad de Santo Thomas por Geronimo Correa de Castro año de 1734.

¶

mejorarlos mucho: y como tal se sirvan V. R. S. por servicios de Dios nuestro Señor de proponerseles, persuaciendolos se aprovechen desta lectura abuelta de las otras muy provechosas que V. R. S. como tan zelosos de su bien, estoy cierto les dan, y reparten para su aprovechamiento. El Espiritu Santo sea siempre con V. R. S. con grande abundancia de sus divinos dones. Amen.

DE LAS QVATRO POSTRIMERIAS en commun: quan probechosa sea su memoria y consideracion.

In omnibus operibus tuis, memorare novissima tua: & in æternum non peccabis. Eccles. 7 cap.

AY tauo ca, sasaan ca man; at ano ano man ang gavâ mo: alaalahin mo yaong caholiholihang darating sa iyo cun magcasasala ca pa baga sa Panginoong Dios magparating man saan: di hindi. Ang Panginoong Dios din pala ngani ang nagtotorô sa atin nitong gamot na ypapayî nang dilan saquèt nang caloloua, nang dila bagang yquinapapacasamâ niyang dati: capalaloan mat, caramotan man, at calibugan cayâ, at cigalitan man; at cayamanan cayâ sa pagcaen, at sa pagynum, at capanaghilian man cayâ, at catamaran manpara, para ding mangavavalâ ytong lahat

A los Padres Ministros del Evangelio.

SErvirà Padres mios esta obrilla si quiera de dar aviso à V. R.S. de como ya tenemos por la misericordia de nuestro Señor Dios impresion entera, y perfecta en estas nuestras Islas para mas perfecto cumplimiento de nuestro ministerio: pues podremos enseñar à estos nuestros hermanos, no solo en voz predicando, sino tambien por escrito, escriviendoles, ora en characteres Españoles, para los que los saben leer, ora en los propios suyos Tagalos, todo aquello que nos pareciere que ha de ayudar paraque vaya muy adelante esta misericordia, que el Señor ha hecho con ellos, haciendo los Christianos. Otras obras mayores, y mas trabajadas tenia yo primeras que esta, como vn Confessionario copioso, Sermones, Reglas de la lengua: pero el nuevo oficial no se atre-

120045 THE NEWBERRY LIBRARY

vio

viò à comenzar su oficio, sino por esta mas pequeña. Y ha sido assi por cierto conveniente que no se ocupasse yà mucho tiempo con cosas mias, porque se de lugar à las mejores que V. R. S. deben de tener trabajadas; pues es razon que sin pretensiones particulares, todos gustemos de que sea preferido aquello que ha de ser mas à gusto de nuestro Señor, aquien todos predicamos, y en quien somos todos vna misma cosa sin diferenciarnos mas que en el pelo, ò color de la ropa. Reciban pues V. R. S. Padres mios Ministros del Evangelio de Iesu Christo, esta obrita por nuestra como digo de la nueva Impresion, y juntamente de la antigua aficion, que à estos hermanos tengo, (aunque muy pecador) para todo lo que le ha de ayudar à su salvacion: y pues sale deste buen corazon, y desseo de su aprovechamiento, con otro tal lo recivan. V. R. S. no mirando à lo que el Author les puede desaficionar, sino à lo que en este librillo se trata, que todo es materia muy eficaz para mejo-

na caſam an, cun ang pagaalaala ſa cematayan ang ypacapanaymtim, at yparati ſa loob. Dile ngâ gamot na lamang na ſarili niong yſa, at niong yſa cayang caſalanan, ytong ytinuturô nang Dios ſa ating alaala doon ſa mangga caholiholihang yacng dasting; cundi calahatan ding gamot ſa lahat na ſucat macapacaſamâ ſa calolova, na para parang mangapapayî, at mangavavalâ ſa tavong macaſalanan, cun yto man lamang na gamot na yto ang ytapal doon, na ytanim baga, at ypalaman ſa loob niya: (*Math.* 16.) at ang doon ngâ ſa loob nag momolâ yaong lahat na ponong yquinapapacaſamâ nang calolova, at ang loob din ang pinagbubuhatan, at pinagmomolan nang tanang caſalanan ſa pagpapalalô man, at ſa pagcaybig man ſa dilan yaman ſa lupâ, at ſa pagnanacao man, at ſa pagpatay man ſa capova tavo at ſa paglilibog man, at ſa pagpapacalangô man, at ſa panaraghilî man, at ang lahat nang lahat na; para parang nangagaling, at nagbubuhat doon ſa loob nang tavo. Cayâ ngâ yatâ, cun

doon

doon na yſilid, at ypa'aman yaong gamot; magagamot din yaong lahat na bagay bagay na ſaquèt, at para din maaacdal, at maaalihan at maaalis ding lahat na valan matahan tahan doon.

Sa lahat pala nĝaning yquinagagaling, at yquinababanal nang loob nang tavo; ang vala ding capara, ay ang pagaalaala doõ ſa catapoſan, at doon ſa dilan darating ſa caniya, cun ſiya, y, mamatay na. Lubhâ din pala nĝaning yquinatatacot nang loob nang tavo, yaong mangĝa catapoſang yaon: at lubhâ ding yquinapagyynĝat niya yaon, at valâ din bahalang magcayba ang loob nang tavong Chriſtianong ſungmaſangpalaya noon, matigas mang dati, at macaſalanan man, cun mariñgig niya yaong ſabi doon ſa mangĝa caſindac ſindac na yaon: arao mang ycamamatay niya, at arao cayang ypahohocom ſa caniya nang Pañginoong Dios: at hirap man cayâ na valan hanga ſa Inferno, at tacot cayang maval-an nang calcnalhatian ſa Langit.

AY aro i g̃ani, baquin ang m untíng hirap dito ſa lupâ, catatacotang d rmating ſa caniya, at ypinang̃ing̃inig nang lahat na laman, at ypinanlolomo rang lahat na bot-o: bago munti lamang yaon. Ay aba, ang di pa ycatacot na maſaquet ay yaong darating na valan caralita,t, valan cahirap: na ſabihin ma,y, di maralitang ſabihin? Cun ſnaſangpalatayanang matibay na yao,y, darating din: anong di ypang̃ing̃inig nang tavo nang malaquing tacot, at ſindac, cun baga ſiya,y, ga mey loob na munti man? anong di ycapagcayba nang caniyág añong dating maſ n â? Nangyari cayang di damdamin ſa loob yaong gay-ong nadiring̃ig niyang ſaquit na valan cahalihalimbauâ?

Maanong ypaligſa co nang ybabalâ ſa yño, cahima,t, tutumbas man lamang catagâ, at opa lamang matatamâ ſa loob niño ytong aral, opa lamang magcaycayba nang munti iyang loob niño? At mag aral cayong matacot magcaſala ſa Pang̃ingoong Dios; ſampon may gagamitin ca-

yong

yong mañga ſandatang y'lalahan ſa dilan tocſo nang caavay nang calolova natin. Siya navâ mañga anac co. Yaong darating navâ, ang yñong tanavin na nang pagaalaala ala doon: (*Prov.* 27.) Nang di cayo maſandalîan niong macaſiſirang arao ſa mañga tavong macaſalanan.

Oolit oliting co din, at macalilibo ma,y ybig co ding olitin ytong bilin co ſa yño, na hovag din cayong manhinamad na magaalaala niong darating ſa yño balang arao; cun ſacâ matapus ytong buhay niño ñgay on. Yaon ñganing pag. capatid nang hiningña, at pagcahivalay nãg calolova ſa catao.an, at yaongpaghohocom ſa calolova niño nang Pangimoon nating Dios capagcahivalay niya ſa catao an, at cun ycapapaano niño yaon cun doon cayâ ytatapon nang Dios ang mnaña calolova niño ſa hirap na yaong valan hanga ſa Infierno, at cun doon cayâ cayo yſaſama ſa mañga catoto niya ſa langit.

Yto ri,t, yto, ang yñong pacaalaalahin mañga capatid co: (*Eccli.* 14. 12.) ya-

yamang

yamang darating din, at fasapit din, at dile din maliliban, at para nang natatan ao natin, at cacaon din sa atin, dile din ngâ maoorong, at valan patotocan dumating, ano pa, di hindî din sasala na di dumating sa atin yaong mangã arao na yaong catatacotan; (*Eccles.* 9. 2.) bago cun ga ypaguiguing ano cayâ nang ating mangã calolova; dile din naaalaman yaon nang alin mang tavo.

Magdalitâ din cayo, at hovag niñong panhinauâan ytong gaytong alaala. (*Deut.* 32. 29.) Hovag din niñong calilingatan, at hovag din niñong calingohan. Hovag din niñong calimotan ytong pagyyup, at pagaalaala doon sa darating na yaon; opan magcabaet cayo.

Ay saan pa dî magcacayba din cayong dî sapalâ, cun yaon nganing ga maramdaman yto? Anong dî mabubungcal, at anong dî mababalotbot na ycatatacot, at ycahahabag nang yñong loob: anong dî ycalilivanag niya, at anong dî ycaquiquilala niya nang tantong magaling, at nang

tan-

tantong maſamâ? Ang pagaalaala doon ſa mañga hangang yaon, capara at cahalimbavâ nang orîan nang guintô na quinaquiquilalanan nang maſamâ at nang magaling na guintô. Yaon ñgâ bagang tacot na mapapanibagong mayyſip, at mapapalaman ſa loob nang pagaalaala doon ſa mañga catapoſang yaon; lubhang nacaguiguiſing ſa loob, ſampon nacaliliva-nag ſa caniya; na niyang matantong maquilala, cun alin cayâ ang tantong caligañgang matibay na ſucat ybiguin nang loob nang tavong mabaet na Chriaſtiano, at cun alin ang cagalinñgang ſinoñgaling na dî darati ſa tavo.

Anong dî paquinabang ſa gayong alaala ſa mañga catacot tacot na yaon? Tantong tantô, cun dî niño ſavâan, at cun di niño betivan ytong pagaalaala doon; cayo ay, mapapacagaling din, at mapagſoſongdô din niño at mapagtototo ang cabanalan, at ang catoviran nang totoong pagca Chriſtiano. Av ano, cun dî tayo tiquis magmoling molinñgan, lumalô pa ngâ dito

dito ang totoong ycaguiguitis. at ycababavas nang mangā cahunghangan niño; at bageus malilipasan cayo nang lahat na casam-an, at malilivatan at masasalinan iyang loob niño nang dilan ycagagaling nang calolova, at nang dilan ycapagpipilit samonod at mamintohô nang aral nangPangīnoong Dios: at totobôan nang dilan ycapagsisi sa casalanang lahat, at nang ycasolong nang dilan cabanalan.

Yto palang gaytong pagaalaala doon sa mangā catacot tacot na yaon; ang sucat turan pang olol nang baet nang tavong Christiano, at pandagdag nang gavang cabanalan, at panibay nang tacot at nang pagcamayao magcasala sa Dios, at panalî nang loob niya nang dî mahivalay sa Pangīnoong Dios: (*Eccl.* 28. 6.) at gamot ngâ palang dî ano lamang na ycapag mamacahiyâ at ycapagpapacumbabâ nang loob nang tavo sa Pangīnoon man niyang Dios, at sa capovâ man niya tavo, at macapagmamalolombayin pa, at macapagmamahapisin pa, at macapagmamasi-

sinda-

findaquin pa; at macapangagalimhim, at macapagsisi pang masaquet sa casalanan; at ycapanhihilacbut pa, at ycapagcacabaet ding totoo, at ycayybig pa sa Panginoong Dios na lalô sa lahat.

Salamat, sa laqui nang paquinabang sa pagaalaala nang tavo doon sa mangá cahoiholihang yaong darating, cun siyang tinotoo at ypinalalaman sa caylaliman nang loob? Ano pa? Lumalô pa sa vicang yaon nang Dios Espiritu Sancto na caonaonahang vicang yfinulat dito, ang nacatototo nitong puri sa alaalang yto sa mangá catapossang yaon. Baquin ang vicâ niya ngani: (*Eccl.* 7.) Ano ano man (aniya) ang gavâ mo, at safaan ca man, tavo ca, alaalahin mo ang mangá catapusang arao mo: nang di ca magcasala sa Dios magparating man saan. Aba di ang alaala din ngâ pala sa mangá catapossang yaon siyang tantong di ypagcasala nang tano sa Panginoong Dios na magcagulang man, at ypinapanayî nang cahunghangan niya, at nang tanang casalanan niya, at y-

quinapaguiguin Christiano niyang totoo, at yquinapaguiguinbanal niya?

Cayâ nĝâ yatâ, aquing ysusulat din dito yaong apat na bagay na mangâ catapusan na dating ytinuturô sa atin nang mangâ Santos. Ang pagcamatay baga nang y'a,t, nang ysang tavo, at ang paghahocom sa canicanila nang Panĝinoong Iesu Christo capagcamatay nang ysa,t, nang ysa; pati nang saquet na valan hanga sa Infierno; sampon naman nang calovalhatiang valan catapusan sa Langit; at pagsasayasayin co tutumbas man tigylan catagang vicâ. Opa lamang mey maquiquinabang din dito sa aral nang Panĝinoong Dios at ycaguiguising nang loob niño, cahî ma,t, dating matotologuin; at ysisipag niño, dati mang matatamarin; at ycapagbabalicuas nang loob niño, dati mang mayybiguin dito sa dilan yaman dito sa lupâ at ycasisinta at ycaguiguiliu sa calovalhatian nang Panĝinoong Dios at nang mangâ banal na tavo, cahî ma,t, dating malilimotin cayo at mapagvalan babalâ dcon, at ycapa-

ycapaguiguin Christiano niñong mangabanal: at ycasosolong at ycararami nang gavang magagaling, at ycatotoloy at ycatototoo nang pano ionod niño nang loob nang Pangiboong Dios, hangan di niño maquita liya sa Langit, siyanavâ.

DE LA PRIMERA POSTRIMERIA.

QVE ES LA MVERTE.

ANG hanga mona nang buhay mo, capatid cong Christiano, ang iyong titigang tanavin. Iyo ngang alaalahing pacatibay tibayin sa loob mo, cundî magcacabaet ca din at cundî mabubutivan mo din ang dilan cahuaghangang yquinasisirâ nang calolova mo, at cundî mavavalâ din sa iyo ang lahat na masamang asal na di mo yquinatototong dumaan sa daang pa sa Langit. Ang pagaalaala sa camatayan, cahalimbavâ pala nang agos na malacas. Cua malacas ngani ang agos at pipilipili,

cahî ma,t, ano man ang doroon sa ylog, maaanod din: ponong cavayan man, cahuy mang malaqui, maaanod din. Ang pangpang ay, mageacatitibag, at ang bohangin ay, mangacacalcal; nang lacas nang agos. Gayon din naman ang alaala sa camatayan, cun siyang totoong mapaylalim sa loob ay, ano ano man ang ating casalanan, malaqui man at munti man ay; parapara ding mangapapayî na valan matitira. Ay anhin nganî, ang alaala sa camatayan siyang totoong valan cagaling, cun siyang manayimtim sa caylaliman nag loob; ay ang vicain baga sa loob aco pala,y, mamamatay din at malapit na ang pagcamatay co, at maguiguinlupâ din ytong catao an; (*Eccl.* 2. 7) ay di co naaalaman cun caylan at cun aling arao, at cun alin cayang bovan. Ay ano, saan pa di mapapayî at mavavalâ ang casalanan, cahî ma,t, marami sa bohangin; cun totoong alaalahin ang lapit at ang dalî nang pagcamatay; bago dile natin naaalaman cun caylan cayâ, cun camanto at

cun

cun bucas iyobyob tayo sa lupâ, at tabo-
na,t, yoyoan; (*Eccl.* 8. 26.) at ovorin na,
at marurug na, at maguinlosac na, at valâ
nan capapacan an; (*Iob.* 13. 8) bago ang
calolova,y, hindî natin naaalaman, cun
mapapaano cayâ, Ay saan pa di ang ta-
cot ay saan pa di ang sindac nang loob;
ay saan pa di ang pagcacayba nang dilan
asal nang tavong nagaalaala nito. Doon
na siya nagsisisi sa casalanan, at nagtatan-
tong aayao nang magcasala; at ang ybig
ay, magdalasang magcompesal, at mag-
pilit gumavâ nang dilan magaling na ba-
bavonin nang calolova niya.

At cun molî din ang tavong maga-
laala nang cahangahan nang buhay niya,
at sampon binubungcal sa loob, at tino-
tonghan yaong pagcasamâ at pagcavalang
galing nang catao an cun mamatay na:
doon na binabagobagong molî sa loob
ang pagsisisi ang pagcalupit sa dilan casa-
lanan niya: at nagpanibago nang pagta-
tantô na aayao nang magcasalang molî,
at aayao na dito sa dilan balang nang y-

pinag-

Pinagcasasala niya sa Dios: at ang ybig nang ybig lamang ay, ang manonod sa Panginoong Dios: yayamang siya, y, mamamatay din. Ay aba, ang alaala sa camatayan, dile valan cagaling: yayamang nacapapayi nang cahunghangan at nang dilan casalanan; at nacapipilit gumavâ nang dilan cabanalan? Di saan pa di ang dami nang mapapaquinabang natin, cun ating pavilihan ang alaala sa camatayan: at siya nating pamisanhan, at ga hovag nang mavalâ sa loob.

Mapalad ding lubhâ ang tavong nag aalaala nang pagcamatay niya. Ay dile din mapapahamac, cun siya, y, mamatay. Dianhin, ang napaaga siyang nagyngat at gungmayac nang caniyang bavon, at para palang dati siyang nagsaral mamatay: at dile siya masasandalian niong mangá casindac sindac nâ pagcaañô, at dile gagahol gahol, at dile masisindacanan hamang dile dati siyang nagvavalan bahalâ nang pagaalaala sa camatayan, at bagcus arao at gab y siyang guinogonamgonam niya; at

caycaylan man, at ſaſaan man ſiya, ang alaala niya ay, camatayan na niya yaon; at ang pagcaloob niya ay, dile na ſiya malalavong di mamatay, at gayon nang gayon, yaon ding paguiguinlupâ niya, at yaong paguiguin abo niya; at yaong caoovian nang calolova mat. nang catacan man; ang pinagcoſioſiſâ din ſa loob. Sa galing yatâ at ſa buti nang calolova nitong gaytong tavong mabaet na totoong Chriſtiano, hamang hindî din ſiya mavivili dito ſa dilan dating quinavivilihan nang mangā hunghang na tavo: cundi bagcus yvavacſi din niya at mamaſamin ang dating nayybig at minamagaling nang tavong baliu dito ſa lupâ.

Halimbavâ. Balang tubig cahî mat, dating matab ang at magaling at malinao, at malamig na yquinaguiguinhava nang tavong ninirum, at ypinagaalilâ man nang balang nang cacanin at pinaliligô man at nacagagaling man ſa dilan pananim: datapovâ cun macarating ſa dagat, cahî mat, dating matab ang: aalat din at ſaſamâ, at

dile

dile na mangyaring ynumin nang pagca-alat; tognô nang tognô, yſa ma,y, di maſagpang, hindî din malamon, at paligoin man, hindî mangyari: at bagcus nañganing ycaſaſamá nang catao an. Ay anhin ngánî, dati mang matab ang ay nang mapaſadagat na, vngmalat din naman (ſa halimbavâ) ang dilan tovâ at ang dilan paglalarô dito ſa lupâ, cahî ma t, dating quinayybigan, at dati mang quinayygayahan at quinavivilihan man, at pinamimiſanhang maſaquet nang tavo: Datapovat, cun ſacâ alaalahin ang pagcamatay ay papaet din, at ſaſamâ ytong dilan tovâ, at ang paglalarô. At ſaan pa ngáni di gayon? Cun cahî man ng,t, ang tavo ay; dating matovaing maglarô, at maybiguing tumava, at maparoonin man ſa dilan caybigan, at malulugdin mang lubhâ ſa dilan ycabubuti nang catao-an, at mapaquilaroin mang lubhâ: at macaynin man nang dilan maygui, at maynumin man nang dilan magaling: at cun cahî ma,t, dating maſolong na maquipagharap, at maqui-

maquipagpan ayam, at cahî ma,t dating mapagcabicabihaſa at mapaglagulaguyô mã, at palapanhic mã: at mapaglimpõ limpon mang dati ſa dilan nagooſap ſa lanſangan, at ſa balang nang catotovaan, at ſa dilan paglalarôan maſamâ man, at magaling man: totoo nang totoo cundî papaet din ytong lahat, cun caniyang angan angani,t, pagyſip yſipin ang camatayan: totoo cundî ſaſamâ din at maguiguinſala din, at dile na mamagalingin, at bagcus mamaſamyn din, at mamapaètin na, at dile na yybiguin at aarîin nan hamac at vavalyn nan bahalâ, at paparahin pang cavay, cun caniyang pacayſip yſipin at gonam gonaming pacarahan dahanin ang caniyang camatayan, at ang paguiguin lupâ nang catao an valan caſamâ at abong valan carumi.

At ſaan pa baga nganî di maguiguin mapaet din ang dilan tovâ, at ang dilan paglalarô, cun bantôan yaon nang alaala ſa camatayan? (*Eccli.* 1.) Siyang mapaet na mapaet ang alaalà ſa hangang yaon

nang buhay, hovag pang mahava doon, at maquipaet ytong ybang dilan balang na, cun doon isama sa alaalang yaon? yayamang doon sa arao na yaong catapusan nang buhay, matatapus din nan an yaong lahat na sinabing paglalarô at tovâ nang catao an, at valâ nan cagalin galingan yaong lahat: at bagcus nangang ycatatacot nang loob nang tavong macasalanan, ang dati ngang yquinapapacasamâ yaon nang calolova sa Infierno. Aba, di ang alaala ngâ pala sa camatayan, ang di ycayybig dito sa dilan balang nang catotovaan dito sa lupâ na dating ypinagcasasala nang tavo sa Pangginoong Dios?

Bago siya din namang ycapagyyngat nang gracia nang calolova at nang mangga cabanalan niya, at ycapagpaparati nang paggavâ nang magagaling na gavâ; at vcasosolong nang loob na magaling sa Pangginoong Dios. Ang apoy, (sa halimbavâ,) marami man ang baga, at napoponô man ang calan, cundi tabonan nang abo; mamamatay din, at ano mang pagtata-

tataquep doon ; maralî ding managuipus. Yaó palang tabong abo, ág di ycamamatay nágapuy. Gayó din namá (sa halimbavâ) ág gracia at ang dilá cabanalá nang tavo, marami mang lubhâ, at di man sasang ano, at napoponô man ang loob nang dilan ahang magagaling ; ay masisira din at mavavala. Hihinâ din pala ang loob, at oorong at magvavalan bahalâ sa paggavâ nang ycagagaling nang calolova. Ay saan pa di gay on nganî, cun arîin nating mahabâ ang buhay natin at malovat: at cun ang pagaalaala ay, malalavon pa bago mamatay ; ay saan pa di bubutivan nang mahihinang loob ang canilang gavâ, at ylaglag nang tambing; at ang gao in na ay. ang dilan ybig nang catao an. Bago,y, cun yaon palang pagcaabo natin , (*Eccl.* 17. 31.) at yaong paguiguinlupâ natin balang arao , siya nating gaytabon na , ypaquisama ngâ baga sa dilan ahâ, at sa dilan gavâ, at sa dilan panimdim nang ating loob; at siya nating pamisanbang alaalahin nang hovag nang mavalâ sa loob: saan pa

di tantong tantong ycapapacatibay nang loob nang tavong banal, at ycapagpaparati nang tanang asal niyang cabanalan, at ycararami pa, at ycasosolong pa sa dati; ycapagpipilit niyang gumavâ nang gumavâ, at humanap nang humanap nang ycamamahal at ycaguiguinhava nang caniyang calolova doon sa arao na yaong ycapaguiguinlupâ nang catao an niya: at iya din namang di niya ycapagpalalô, magcano man ang calalôan niya sa capovâ niya tavo nang paggavâ nang mangagavang cabanalan; ang yaon ngani, ang paguiguinlupâ din nang catao an niya, ang napapalaman sa caniyang loob, at nalalamasama sa dilâ niyang gavâ; sampon nang paghohocom nang Panginoong Dios sa caniya doon din sa arao na yaon.

Caya ngâ yatâ, cun ybig mo capatid co ang mapacagaling ca cun ycao ay mamatay, alaalahin mo din ngay on ang camatayan mo. Iyo ding pagdilidilihin ang quinaoovian nang catao an. Iyo ding vcatig at ionay at gaytahî mo na sa loob

mo ang alaala ſa camatayan mo (Ieb. 7. 6.) at yaong pagca di na macapagſaolî nang tavong mamatay, at maſimâ man ang gavâ, at magaling man; caya nga̅ nin. ſang namatay, ay, hanga na yaon, at valâ nan hindi ycapapacagaling. Yaon nang yaon ang harapin mo, yaon nang yaon ang tonghan, at yaon nang yaon ang ſambit lain: at yaon nang yaon ang paca yapyſipin mo, tavo cang Chriſtiano; totoo cundi ang galing totoo cundi ang paquinabang; dile halagang magcano. Tantong mavavalâ ang dilan calingſayan nag loob mo, at mapapapayî ang tanang caſalanan; capalalcan man at caramotan man: calibugan man, t, cagalitan man; at cayamîan man ſa pagcaen at ſa pagynom; at capanaghilîan man at gagaling na di ſapalâ ang calolova mo, at magui.

(guinbanal na Chriſtia-)

(no. Siyanavâ.)

( )

( )

)*(CVEN.

CVENTASE LA CONVERSION del Padre Francisco de Borja de la Compañia de IESVS.

Por aver sido ocasionada de ver vna Reyna muerta.

SAcsihin co mona yaong ysang mabaet na mabaet na Padreng ypagsasalitâ co ngay on. Siya navang tandaan nang tanang tavong Christiano yaong caniyang pagyysip at pagoosisa sa camatayan. Yaon nganing ysang malaquing malaquing guinoo sa aming manga Castilâ, ang ngala,y, si Don Francisco de Borja, dating casangbahay at catoto nang Harî: at siya ding pinagcatitivalaan nang Harî nang dilan malalaquing osap. Ay ano,y, nang doroon yaong Harî sa ysang bayan sa Castilla ang ngalâ ay Toledo at casama namâ niya yaong maguincong si Don Francisco, namatay ang Haring babayi, ang ngala,y, si Doña Ysabel, ay namatay man doon sa bayang yaon nang Toledo, hindî din ybaba.

babaon doon; cundi doon ſiya ypahabatid ſa ybang bayan na dating pinagbabaonan ſa magugulang niya, niſan ding mangā Harî; at doon na vſoſongdô at ypipiſan ſa canila. Ay ang ngalan niong bayan, ay Granada. Ay yaon ding mahal na guinoong ſi Don Franciſco ang pinagcatitivalaan niong Haring lalaqui ſa aſava nivang namatay, at ſiya rao, ang maghatid ſa caniya doon ſa bayang pagbabaonan; ſampon pinaſamahan ſiya ſa marameng guinoong mangā lalaqui, t, mangā babayi; galang din yaon doon ſa Señorang namatay, at ang ſiya ay ang mahal, at malaquing Harî.

Ay ano,y, nang macarating na ſila ſa bayang vaon nang Granada, at yroroon na yaong baangcay doon ſa pagpapaſalan ſa caniya: binuca mona nila yaong cabaong na tingâ na finiſidlan niyang dati. Ay ſa mabuca na yaong cabaong, at maquita na yaong bangcay niong mangā maguinoong caharap doon: hindî na pala maſalitâ nilang tinguan nang pagcaſamâſamâ, at nang

at nang pagcahalay halay. Caguilaguilalas ding tingnan ang bangcay na yaon. Lubhâ din palang nagcayba ang añong dati niong babaying yaō: bahagya na maquiquilala nang alin alin mang caharap doon, at dile din matantô nila na yaon ang bangcay nang canilang Panginoong Harî, nang laquing pagcacayba nang añô niya, at nang pagcavalan natira tira nang dilan asal niyang magaling: at yaon mang pagcamuc hâ niyang datî, hindî na nahahalatâ; naguin yba nang totoo sa dati ang dilan pagcaañô niya. Ano pa? di nagsiorong din, at nagsiylag yaong mangga maguinoo, nang pagca di macaralitâ nilang tuminging sa gay ong añô; ang sila nganî nahahabag doon sa naquiquilala nilang dating Harî at Panginoon nila, toloy nangagbabahôan sila na di nila sucat maralitâ.

Yaon lamang na malaquing guinoong si Don Francisco ang di nalayô layô, at dile naavat avat doon: at tinitingnan di,t, tinitingnan nang caniyang mata yaong mata nang Señorang namatay na di

na malinao at magaling tingnan na para nang dati; cundî ang labô, cundî ang boloc, cundî ang ſamang tingnan. Ay lalô din ang mata (cun ſana ſa mata) nang loob niong maguinoong lalaquing ſi Don Franciſco, ang ytinititig niyang ytiniti. ngĩn doon, nang malalim na pagyyſip at pagooſiſa niya doon ſa añong yaong naquiquita niyang bago: at naquiquioſap mandin ſiya ſa loob niya doon ſa caniyang Pangĩnoong Haring namatay, ang vicâ. Ay naſaan cayâ nĝayon, Pangĩnoon cong Harî, yaong muchâ mong datíng mabuti at maliwanag? yaong cariquit diquit at calogod logod na añô nang muchâ mo, ay naſaan nĝâ cayâ nĝayon? (*Ad Reg.* 37.) ycao cayâ pô yaong ſi Doña Yſabel? ycao cayâ yaong aquing Pangĩnoon? ycao nĝâ cayâ yaong Harî ſa ona?

Yaon nang yaon ang caniyang binubungcal bungcal ſa loob niya, at ſiya ding naguinpalaſong tungminĝa ſa caylaliman niong caniyang loob: at yquinpagcayba niyang di ſapalâ. (*Eccl.* 7. 3)

Lubhâ din ngâning lungmivanag ang caniyang loob na lalô sa dati, at naquilala na niyang tantô hanga niong arao na yaon, ang pagca di sucat ybiguin nang loob nang tavong mey baet, ytong lahat na laman bayan dito sa lupâ: at ynivacsi na niyang tinotoo at nagahâ na siyang masaquet sa loob niya, na ang caniya nang hahanapin, ay yaong ybang totoong yaman at camahalang matibay nang calolova: sucdang nang magdalitâ siya nang anoano mang birap, at nang aneano mang pagal at saquet nang catao â. At siya ding dungamati at napacatibay sa caniya na di ano lamang yaong ahang yaon niya, na di nasa man naorong: at dile nalanta muntî man: datapova t, tinotoo ding tinotoo niya, at pinatoloy nang pinatoloy hanga nang pagcamatay niya: bagoy meycapat tatlo pang taon ang caniyang buhay hanga niong arao na yaong yquinaalaala niya nang gayon, at yquinapagcaybang bago nang loob niya.

Ay ano ay, sapagcayaring nagbaon

doon

doon sa Señorang yaon, lungmabas na yaong maguinoong lalaquing ni Don Francisco, (*Ejei.* 26. 20.) at novi na sa canivãg tinotoloyãg bahay; at tũgmuloy na na soc sa ysang silid, (*Ezech.* 3. 24.) at quinalingan na niya alipalâ: at nagpatirapâ na liya, at nananũgis na, at nagbubuntunhininga nang nagbubutunhininga nang masaquet; at pinaquiosapan na niya ang canilya ding calolova, na ang vicâ. Ay aba (aniya) calolova co quita y, omano na? (*Ps.* 4. 3.) ano ngâ cayâ ang hinahanap ta; ano cayâ ang canitang nayybig? (*Marc.* 19.) hangancaylan pa cayâ di quita sumavang magharap nitong manga valan cabolohan at yaman yamanang sinongaling na di macagagaling sa canita? (*Math.* 1. 9.) ay at quita y, napararayâ bagang tiquis dito sa dilan nacababac la nang mata nang catao an? (*Sap.* 5. 9.) cayalu pa cayâ quita tatahang humabul sa anino dito baga sa dilan valan tibay nadi mahauacang totoo, at mavavalâ din at mapopolangos ding valan bahalâ? Ay calolova co,

di mo cayâ naquita ang quinahangahan, at ang quinaovîan niong mahal na mahal na minamahal nang lahat na tavo? ay cũ gay on yaong Haring càquilang yguinagalang nang sanglibotan, at siya,y, nũgayon din na di nacalaban, sino pa baga ang macalalaban? sino pa baga ang di magagay on? sino pa baga ang caaalang alanganan nang camatayan? pinanâ niya ang Harî, at natamân din di nagolî, at capanâ pana,y, siya na: aco pa ang di panain? (*Eccl.* 23.) totoo cuncî nasasangat na ang palasô sa dilis, at binibinit na ang bosog; at aco ang tinotonũong tudlain, ay saan pa nũganî di malapit na ang pagcamatay co? (*Eccl.* 4.17.) Ay aba di cayâ ang magaling ay, onahan ta ang camatayan co, at hangan nũgay on; acoy magsal nang tavong namamatay na di nacaaalam nitong dilan balang balang na: at ypatapon tapon co na ytong dating nayybig na manũga paglalarô, at manũga yaman at anang caybigan nang catao an na dating nacapepanũganyayâ sa iyo calolova co, at

at a-

at aco,y, magbagong aſal na nāg ybang magaling? calaguin co na ang hinabi co magpangāyon, hamāg di matibay, at bahay mandin nang gagamba: (Iſa. 5.) at magbagōg habi na aco nāg ybāg matibay na di maſiſirâ magparating mā ſaā.

O Panginoon cong Dios (anion ding guinoōg mahal) magdalitâca Dios mio, acoy iyong tolongan. Pacalivanaguin mo ytong loob co: na acon matotong ſumonod ſa iyo. Acoy hangoin mo na, dito ſa balong yto. Acoy ſaguipin na dito ſa malalim na yto. Acoy abutin mo rin dito ſa maload na yeri: na acon maalis at macaparian ſa iyo. Siya co ngāg nayybig nang nayybig yaon, at pangacô co ring matibay ſa iyo ngāyon na di na aco mamamangīnoō ſa yba, cundî yao na lamang ang papangīnoonin co. Hindî nang hindî na aco maviuile ſa yba hanga nang pagcamatay co, cundî ſa iyo nang ſa iyo lamang. Acoy ayao nang ayao magparating mā ſaan ſomonod ſa Panginoōg may camatayan. Sucat nang ſu-

cat na

cat na, sucat na namang magysip aco nãg aquing aasalin, at magpacaygui nang asal: bago aco paquipagyipan mo Panginoon co. Val in co na, t, pacaval in val in co na ang cabataan co, at ang pagcalimot co sa iyo, at ang pagliligalig nang loob co; at yibhin co na, at babagohin co na ang tanang asal cong dati nang ybang magagaling.

Nagdamag valan tolog yaong guinoong, (*Eccl.* 31. 1.) yaon nãg yaon ang ynoolî olî niya sa loob; at valan di binabantang aasaling bago sa pamamangĩnoon. (*Eccl.* 7. 12.) P. Dios. Ano pa? di natoloy din yaong caniyang abang bago? cun nangoling baga munti man ang loob niya sa P. Dios? (*Isai.* 40. 31.) cun naorong pa baga? cun hungminâ muntî man yaong loob niya doon sa dilan binantâ niya nang arao na yaon? di man navâ. (*Prov.* 18.) Di ytinoloy ding ytinoloy at lũgmubhâ pa sa dati arao arao yaong pagcaloob niyang bago sa P. Dios? ay ano nganî, nang malayon layon na, at na-

at naabala mona ſiya ſa mangā otos otos ſa caniya nang Hari: (*Tim.* 2. 4.) binutivan na niya yaong lahat na abala, at oſap ſa lupâ, at viralâ na niyan bahalâ ang pagcaguinoo niya, at ang pagcayamâ niya; (*Phil.* 2. *Eccl.* 6. 25.) at naguin Padre na ſiya ſa Compañia ni Ieſus. Ay ſabihin pa ang pagcabanal niya doon. Maſabi pa baga ang pagtototoo niyang ſumonod nang aſal na dati nicng mangā capova niya mangā mahal na Padre? (*Prov.* 5.) at naguin ponô pa nilang lahat ſa ſanglibotang bayan, at lubhâ din ſiyang banal na banal na ſucat vgalang, at purihin nang ſanglibotang Chriſtianos: (*Eccl.* 29. 14.) vayamang naug ſiya, y, mamatay ſaā pa di dinapit din nang mangā Angeles ang caniyang mahal na caeelolova, at yſinama ſa mangā Santos ſa Langit, nang doon ſiya lu-

PERSVADESE POR EL EXEMplo puesto deste ynsigne, y bendito Padre la memoria de la muerte.

Y en particular se pone en este capitulo, applicada à los varones.

AY aba, capatid cong Christiano, ytong malaquing pagcacayba nang loob niong daquilang guinoo, saan cayâ niya yaon nacuha? saan caya niya natungban? ay saat, di doon sa panonood doon sa bangcay na yaon niong Señorang Harî, ang baquit dipa niya nalalanong naquiquita na valan cabuti, at valan camahalsacâ niya naquita namang, valan bahalang nagcaybang di sapalâ. Yaon palang pagcacaybang masaquet niong naquita niyang mahal na catao an, siya ring ypinagcayba nang caniyang loob: at siya ring ponong yquinapaguinbanal niya na valan di cabanalan hanga nang pagcamatay niya.

Maanong ycao naman capatid co, maqui-

maquihalimbavâ dito ſa guinoong yto, at manood ca naman ſa yyſa mang bangcay nang mahal na tavong namamatay, lalaqui ma,t, babayi man, at obſain mo ſa loob mo yaong naquita mong galing, at buti niya, nang valâ pa ſiyang ſaquet at ypaquihalimbavâ mo doon, yaong caniyang añô, nang ſiya,y, namamatay na. Yyong paghalimbavain din, at pagocol oculin yaong dalavang bagay na pagcaañô niong gay ong tavong mahal; cundî ang pagcacayba na, at ang pagcacalayô. At cundî mo man nayybig ypaghalimbavâ ang ybang tavo, at ang alaala mo ay ycao ay, lalô ſa canila; maano ang iyo ding catao an, ang ypaghalimbavâ mo na, at pacatinguan tinguan mo iyang aſal mo ngay on, ſampon naman pacaanianinavin mo, at pagmaſdan maſdan mo yaong mahahaliling aſal niya balang arao, na dile malalavon.

At cun baga, tavo cang lalaquing palalong loob na valan macaona ſa iyo nang tapang mo, at nang lacas mo, at va-

lan macahitô sa iyo nang licsi mo; at malaqui cang guinoo na di matitingcalâ nang capovâ mo tavo, at maguintô ca na valan macapantay sa iyo, at para para mong linalaloan ang lahat na capovâ mo tavo; mapangãhas ca namã na valâ alang alang, at valan pasingtabî canino mang tavo, at iyo namang pinacabubutibuti ang cateo an mo sa pagdaramit mong di yylang pangcat na bagaybagay na pisan ding mabubuting yarî na pinaghahalihalili mo arao arao; sabihin pa ang paghihiyas na nagbabangãibang ca mandin nang damit, at ang dami naman nang mangã aliping sungmosonod sa iyo, at ang dilan asal mo, sa paglacad mat, sa pagtingin mat, sa pangũngusap mat, sa pagopô man, yniyba mong lahat nang malaquing capalaloan, at capanglavasan niyang loob morg mapagpapuri, at mapagparangãlan, at mapagpatanghal sa capovâ mo tavo: at ang cata masahan mo sa pagcaen at sa pagynum, cundi valan di doroon magpipili nang darampotin; sampon nang ybang ta-

nang

nang camahalan at caguinhavahan mo na yquialaqui at yquinatataas nang loob mo na di ca mapantayan nang alin alin mang guinoo ſa ſanglibotan.

Ay aba, tatanonḡin co ang maguinoo, cun darati pa cayâ iyang ganiyang añô mong magcagulang? cundî magcacayba din? ſaan pa di mavavalâ din, at ano cayâ? (*Eccls.* 1. 9.) bocod ca nang di mamamatay cayâ baga? ay aba, cun ycao ay mamatay na, ganiyan cayâ ang añô mo? di maoobos ding mavavalâ iyang lahat na yquinamamahal mo na valâ matitira muntî mang muntî man? di capagcapatid nang hininḡa mo, at tacpan na iyang muchâ mong mabuti, at ſapotan na nang yſang cayong putî, at yhalang na ſa guitnan bahay, na cahuy manding napalagay at pamayâ mayâ, ay, ypanaog na ſa lupâ, at yholog na ſa balon, at tabonan na; at pagyoyoan na, at pagyvan yvan na nang lahat; (*Eccli.* 44 8.) at pacalimot limotin na nang lahat. Sa pagcacayba bapâ nang añô. Cun napaſaan nḡâ ca-

yâ yaong naonang magaling? cun ano nĝâ caya,t, valan bahalang nahalili ytong ybang mafamang caguil-guilalas.

Ay maguinoong mahal na palalong loob, ool yn cata ding tatanonĝin nĝayon; cun nafaan cayâ nĝay on yaong iyong mangĝa capalalôan fa capovâ mo tavo? cun lalô ca pa cayâ nĝay on fa tavong yba, alipin mang bufabus; (*Sap.* 7.6.) cun eî hindî na? di ano pang calalêan mo fa yba? di valâ na. Ycao nĝâ cayâ yaong malaquing guinoo na valan di gungmagalang fa iyo? ay baquin nĝay on valâ nang naaalang alang yomoyo fa iyo, at yinoyoyoan ca ding valan dangan nang mangĝa afo man? ycao nĝâ cayâ, yaong marahas at yaong panglavas na valan ypinaparol, at valan pinapaguiguin tavo? ay baquin nĝay on guinagapangan ca man nang mangĝa bulati, valâ can quibô quibô? ay nafaan cayâ yaong maraming alipin na cafonod fonod mo fa dilan paroronan? hinalinhan na pala niyang maraming ovod na nunucal fa iyo, ay ang mangĝa caqui-

caquilala mong mañga mahal na tavo at ang mañga caanacan mo, at ang mañga cacalan, at ang mañga campong mo, nañgañaan cayâ? ay baquin tinalicoran ca nang lahat at nagyyñayña ca din, na valan di nagvavalan bahalâ ña iyo ñgay on, naano ñgâ cayâ yaong lacas, at yaong licñi at yaong tapang, at yaong ybang mañga caañalang yquinadiriquit mo? ay ang catamañahan ña catao an mo na di ca comaen halay, (*Eccli.* 10. 13.) di ang ñayang; naoovî palang lahat ña ovod, hamang naguin canin cang maynam nila, at ang natira nila, ay, maguiguin lupâ naman.

Manaa, ang quinaoovîan nang pagcaguinoo mo, (*Ecc.* 40. 11.) at nang dilan camahalan mo, at nang iyong mañga capalalcan, (*Iacob.* 5. 1.) bago dile mo din aralan iyang loob mo at pinababayâan mo ding pinababayâan nang laquing cabulagan mo. Di anong ytuturing co ña gay on, cundî bulag na di nacaquiquita nang nahahanap arao arao? at naquiquita man, para ding dile: hamang dile mo din

ypina-

ypinanhihiñgoha ang catao an mo, at dile mo ypinanhihimara ang darating sa iyo. Valâ ca bagang vicâ vicâ sa loob na aco nama,y, gay on din sa ybang arao, bucas man, (Ieb. 14.) macalava man, caylan man, datapova,t, dile malalavon.

Magdalitá ca capatid cong Christiano, at hovag mong dalidaliing baĩahin ytong aral nang Pañgincong Dios: datapova,t, toloy mo namang pacahimanma. ning ysipin sa calaliman nang loob mo ytong iyong binabasa ngay on: at iyohin mong sarilihin sa loob mo ytong pagaalaalang yto sa camatayan: yayang natatapatan ca din naman. Manimdim ca din ngâ Christianong tavo: at magvicâ ca sa loob mo nang gay on. Aco pala naman (ang vicain mo) ay mamamatay din balang arao: daratíng din, at dorolog din sa aquin ang camatayan: bago y, con dumating, hindî maaalang alang at dile magpapatavad at canino mang tavo,y, hindî din magpatanggi: (*Eccls.* 9. 8.) at malacas man ang tavo at matapang man, hindî siya

dî ſiya macalalaban: at ſiya, ay, matatalo din: (*Ps.* 88. 49.) At matigas man at matatag man capagcoa,y, yhapay na valan bahalâ; (*Sap.* 7. 10.) at malaqui mãg guinoo at magcano mang camahalan: hindî din namá caaalang alangãná, di mey pacondangãn nãâ, at di mey dangãn dangãn ang camatayan ſa canicanino mang Harî? di valâ. Mabagſic pala nãganî: at malacas na lubhâ.

Ang tavo nãganî dito ſa lupâ, cun mey caavay na pangãngãniban; marami din ang daang paglilivaſan. At cun baga man magcaſalobong ſa caſolocan nang daan, mey doon ding pagtatalingdang: cahuy ma,t, damo man. Datapova,t, doon ſa arao na yaong catapoſan nang buhay nang yſa,t, yſang catao an. Harî man ang tavo, ano man ang caniyang pagcamahal: dile ſiya macapamatas ſa camatayan, at ſaa, t, ſaan man dumaan; camatayan din ang caniyang mararatnan.

Diyatâ, cun gay on; aco nama,y,ma mamatay din. (*Iob.* 7. 29.) Di bocod

nãganî

ngânî acong patatavarin at patatanggihin cayâ sa caniya: Ay aba cũ aco, y, mamatay na at cun mamamatay na cayâ aco; ano pang paquinabang co dito sa pagcaguinoo co, at sa tanang mangã camahalan co? (*Prov.* 4.) at ang mangã yaman co, cun macagagaling pa cayâ baga sa aquin doon sa araw na yaong ygaganti nang Dios sa aquin nang dilan gavâ co? di dile. (*Iob.* 2. 17.) Ay ytong mangã hivas co, dile cayâ cacalaguin din nang ybang tavo: at cacanihin na nilang hiyasin? (*Ierem.* 17. 11.) at ytong bahay cõg pinagcapagalã at pinagcapuyatã co, di mapapacanino cayâ? (*Eccl.* 14.) at ang mangã alipin co pa, pati buquid saan pa di yba ang magcacamit, at pagaagao agavin din nang yba, at ang tanang sinicap na pinagtipon cong arî capagcabata co na valâ nang matitira sa aquin, cundî ang mũting sapot na ybabalot sa catao an co; (*Iob* 1. 21.) siya co na lamang nacabahagui yaon; bago yaon man, diva, y, datamotin pa sa aquin, at cayâ lamang ytoloy

toloy na ybibigay ſa aquin, hiyâ lamang ſa tungmitinḡin, at ang mahalay nḡâ ang di balotin ang tavong namamatay. Gayto pala ang cahunghangan co, at ang lahat na namamahal ſa aquin na ypinagpapalalô co ſa capovâ co tavo: bago ang calo'ova co, capagdaca,y, ſiya co nang pinagpalamarahanan.

Si, ſa pagcabalatong co ayang yeri; na capagcatavo co, valâ acon gavang yba, cundî ang magbantâ bantâ na nang ycaſoſolong nang yaman co, at nang ycamamahal, at nang ycapupuri; at nāg ycapagpaparanḡalan, at nāg ycapagpapalalô, at nāg ycapagpapagalāg, at nāg ycapagpapabantog, at nāg ycapagpapabuñî, at ycapagpapaſonod, at nāg ycapagpapaſabi ſa aquin. Si, pagcacaol ol co bapâa, at ſa pagcabalictad nang alaala co, at nang gavâ co, hamang dati acong naghahanap nang di ſucat hanapin, nagtitipon nang di ſucat tiponin; nagſiſicap nang di ſucat ſicapin, nagyyngat nang di ſucat ynḡatan, nang nagcacamit nang di ſucat camtan, nagta-

tagô nang di ſucat ytagô, nababaliſa nang di ſucat cabaliſanhan, gungmiguiſing nãg di ſucat guiſingan. Ano pa, di nagbobonton hininga, nang di ſucat ypagbonton hininga, nagpapacamahal nang di ſucat y camahal: nagpapacagaling nang di ſucat ycagaling: nagpapacabuti nang di ſucat ycabuti; nagpapacaganda nang di ſucat ycaganda, nagpapaloag nang di ſucat yloag; nagpapacariquit nang di ſucat ycariquit, nagpapacalinis nang di ſucat ycalinis, nagpapacaañô nang di ſucat ycaañô, gungmiguinhava nang di ſucat ycaguinhava, vngmaalivalas nang di ſucat ycalivalas, natotovâ nang di ſucat ycatovâ; napapalagay ſa di ſucat capalagyan, naniniyg ſa di ſucat caniygan: nahihimbing ſa di ſucat cahimbingan: Bago nagvavalan baliſa nãg di ſucat ycavalan baliſa, nagvavalan babalâ nang di ſucat ycavalan babalâ: nagpapagay on, bago dile ſucat magpagay on, nagpapalamara ſa di ſucat palamarahanan, at tungmatalicod ſa di ſucat talicoran: at dile co ynaalilâ muntî man, ang ſucat a-

lilain

lilain arao at gab y, at dile co yniybig ang ſucat ybiguin ſa dilan loob at nang dilan lacas; ang catao an co din nganî ſiya cog pinagbubungtunan capagdaca nang lahat na loob co; bago ang calolova co, ſiya cong pinacalilimot limot, na di co yſa mau binahaguinan nang muntî mang arao, at ang Panginoong Dios pa na mey gavâ ſa aquin, di co yſa man linilingon, at alaala mang montî, valâ aco ſa caniya. Si, ay ano ayâ bapâa, ang catao ang lupâ, ang ynaalilâ co capagcaalam tavo co na, ay ynaaroarogâ co at ynaamoamocô; at ſiya co ding ynagſificap, at ypinagtatangcap nang dilan ycamamahal at ycabubuti niya, at balang ybig niya, ſinoſonod co din. Ay ang calolova, baquin ſiyang valang camatayan; ſiya co pang ypinangangan-yayâ arao at gab y nang pagcavalan tahang magcaſala ſa Panginoon cong Dios na mey gavâ ſa aquin. Si, aco pa ang di baliu? aco pa ang di ololi.

Ay aba, paratihin co pa ytong aſal cong yering ycapapatoloy nang calolova

co sa Infierno? totoo, cundî papatdan co na. Aco,y, aayao nang aayao; at pacapapatdan patdan co na ang dati cong añong pavang cahunghangan, sa pagsonod nang dilan ybig nang catao an co: at acoy magbagon loob na, at magbihasa nag gumavâ nang ycaaavâ sa aquin nang Dios cun acoy mamatay.

Acoy aayao na ysa mang magpalalô, hamang capovâ din aco maguiguin lupâ nang ybang tavong masamâ; at magcapapara din nang aliping busabus, nang pagcamora. At di anot magmamalaquing loob ang abong yto: losac pala ang pinagmolan co, at lupâ din naman ang caoovîan co: acoy magpalalô pa:

Acoy aayao nang magybig ybig na molî nang yaman; (*Ps.* 61. 11.) at cun meyroon man, dile co na ypalalaman sa loob: (*Iob.* 27. 19.) at dile co din yybiguin, hamang malalay an din, at mangá yyvan ding lahat: at yaon nang ybang yamang mahal na totoo sa Langit na di mayavalâ; (*Luca* 12. 33.) ang hahanapin

cong

cong panatilihan arao at gab y.

Acoy aayao nang magcasala sa Panginoon cong Dios nang bahalay na gavâ, at dile co na pababayaan ang catatao an dating nararamag at nagogomon sa dilan calupitan at pusalîan, at tatanguihan co na ang dilan ybig niyang masamâ, hamang maguiguin lupâ din siya, at sa lupâ din maoovî ang dilâ niyang tovâ; bago lubhâ co pang ycahahapis at ycatatacot yaon cun acoy mamatay.

Acoy aayao na naman magalit galit sa capovâ co tavo, (*Eccli.* 6.) at gumanti nang masamâ sa caniya, cahî mat acoy paganhinanhin niya, hamang balâg arao, acoy pagyoyoyôan naman, ay hindî aco macalaban, at muntî man hindî aco macaquibô; bago ycaguiguinhava co pa naman sa pagcamatay co, yaong dilan daralitayn, at ang bahalâ na ang Panginoong Dios na magpatavad sa aquin, nang marami cong sala sa caniya, at gumanti sa aquin nang magaling, sa calovalhatîan nâg Langit; cun patavarin co ang capovâ co

tavo,

tavo, nang sala niya sa aquin at hovag co siyang gantihin nang masamâ.

Acoy aayao na nang magtamasa sa catao an co; at di anot papagtamasahin co pa ang catao ang yto? at di anot susundin co siya sa dilan caybigan niya; hamang maguin lupâ din pala at maguiguin cacanin nang mangā ovod? at salaquitin co na, at papagaayuralin co na mamisan minsan man; at ytatanggi co ding masaquet sa caniya hangan ngāyon, ang dilan ypagcacasala co sa Pangīnoon cong Dios sa pagcaen mā, sa pagynum mā Siyanavâ.

Acoy aayao din namā (Sap. 6. 25.) managhilî sa capovâ co tavo, nang yamā man niya, at nang damit mat nang anomang cagalingan niya; yayamang cun lalô man aco sa caniya, at cun lalô man siya sa aquin; sacâ magcapapantay din sa pagcamatay. At ang gavâ na lamang na magaling nang mangā tavong banal siya co lamang pananaghilian, (*Ad Cor.* 12. 31.) at pagnanasaan cong pantayan hamang ang ypinaguiguin lalong totoo nāg

tavo,

tavo ſa capovâ niya tavo, at ycapagpapalâ nang Panginoong Dios ſa caniya, cun ſiyay mamatay na. Acoy mayao nāg mayao magmatamarin ſa paggavâ nang dilan magaling na ycababanal nang calolova co: (*Isa.* 52. 1.) at nang dilan ycaguiguinhava at ycabobosog at ycayayaman niya balang arao, at magpipilit na aco hangan meybuhay aco dito ſa lupâ, at magpapacaſaquet, at magſificap gumavâ nang dilang ſucat gantihin ſa aquin nang P. Dios; hamang di malaven di dumating ang arao na ycamamatay na di na mangyaring gumavâ nang anoanomang ycanuâ (*Eccl.* ſ. 9. 10.) nang Dios ſa aquin, at lipas na at napagay on na, at napalagay na, na dina magcacayba ang palad, magaling man, at maſamâ man, magpara-tingman ſaan; at ualâ nan capangyarihan maghanap nang ycagagaling, at valá nan capangyarihan maghanap nang ycayayaman, at yaon nang yaong añong yaon: at yaon nang yaong caru haang yaon, at yaon nang yaong caſam ang yaon; at yaon

nang

nang yaong gotom na yaon: at yaon nãg yaong hirap na yaon. at yaon nang yaong pighating yaon; at yaon nang yaong pagcasong na yaon. Siya dit siyang darati magparating mansaan. Si, aba co P. cong Dios, aba co sa arao na yaon, cun gaalin ngâ cayâ ang arao na yaon?

Arao palang ygaganti nang P. Dios canicaninomang tauo; (*Eccl.* 11.28.) nang canicanilang ganâng magaling, at masamã.

Arao na ycapapatasamâ nang dating masasamâ, at ang di magaling ang loob nila sa Panginoon nating Dios: bago, y, siya ding ycapapacagaling nãg dating nagpapacasamâ, at ang silay mayloob na magaling sa caniya.

Arao na ycahahalay na di mangyaring sabihin nang mangã butihing tauo; bago ycabubuti ding dinalas nang dating minamahalay.

Arao na ypaguiguinmora nang mangã mahal na tauo, at siya ding ypaguiguinmahal nang mangã hamac na alipin.

Arao na ypagsisiduchâng totoo nang

mangã

mangã tauong mayaman at lubhang ypan-yayaman nang tauong nagpacaruchâ

Arao na ycahahanga nang dilang pag-lalarô, at nang tanang camahalan nang mangã palalong loob, at ſampon ycabubutao nang tanang cayamanan datimang hinahanacang matibay, at quinalulugdan nang loob.

Arao na ycapagdaralamhatî nang dating matouaìn; at ypagcacatouâ din naman nãg dating nangãhahapis.

Arao na ycaſaſaganâ nang tauong ualan di caſalatan; at ypagcacaſalat nang dating mangã ſauà na ualan dì nahahanap.

Arao na ycatatalî ſa tauong lalayas layas, at ycabibilangô ſa caniya na dina macalagcalagan, bago,y, arao din naman yaõg ycacacalag ſa dating nabibilangô, at ycaouî niya ſa bayang caloualhatian.

Arao na ycapagcacahiualay nang dating nagcacaybigan; cahimat mag-aſaua ſila, at maganac man cayâ.

Arao na magiginponông ycagig'nhaua na magcagulang nang dating nangãghihirap,

rap, at siyading magiginponong ycapag-hihirap, at ycapagcacasaquit na ualan hãgan nang tauong nagpapalayao sa catao ã.

Arao na ycamamatay tacot nãg tauong di natatacot magcasala sa Dios, at siya din namang ycagiginhaua nang tauong matatacotin.

Arao na ypagcacarayocdoc nang tauõg matamasahin: at ycapagcacahao nang dating mapaglaclacan.

Arao na ycapagcapapalit (*Luc.16.25.*) nang palad nang mangã tuo: at ycapagcacayba nang dilan lagay nila.

Arao na ycabahayag na totoo, at ycatatantô (*Eccl.11.29.*) nang asal nang tauo cun gaàlin, cun tantôbagang magaling na sucat gantihin nãg Dios, at cun dile cayâ, aba cong aba co sa arao na yaon. Arao na catacot tacot. Arao na casindac sindac. Arao na marilim na marilim sa mangã tauong macasalanan: bago sa mangã banal ualang caliuanag. Arao na cahapis hapis sa mangã hunghang na tauo: bago cun sa mangã banal, ay, catouâtouâ, at caginhaginhaua, at

calo-

caloua loualhatî. Ay aba cun aco caya,y, maaano doon ſa arao na yaon ? Siya co ngãng ypinagagalimhim na lubhâ, at cun aco caya,y, mapapaano, at cun ſaan cayâ mapaparaco ang Caloloua co, cun mahiualay na ſa cat,o an co doon ſa arao nayaõ.

Oo manayaon, gayo nauâ ang pagoosisâmo ſa camatayan mo, at iiya din namang maparati arao arao,at iyang loob na bagong magaling ang magpacatibay na magcagulang, at houag nang meling magcaſala ſa Dios, at houag nang paalangalangãnin ang loob, at houag nang paolic oliquin, at houag nang maglingon licod,dito ſa dilan balang nang ualan quinapapacan an: at ang paggavâ nang magaling na gavâ ang iyong havacang matibay na hovag nang pagtogot togotan, at hovag nang paſanlan ſanlan, at hovag pagtambis tambiſan, hangan di ca gantihin nang Panginoong Dios nang valan hangang calovalhatîan ſa Langit.

Siyanavâ.

PONESE LA MISMA CONSIDERACION DE LA MUERTE APPLICADA À LAS MUGERES: DE LA QUAL, LA BIEN CONSIDERADA, SACA LO QUE HA MENESTER PARA SU EDIFICACION.

